MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
Achievement Matters Most

# Pagtasa ng Paaralan ng Maryland

## 2005 Pagbabasa:

Ulat sa Tahanan

## Tungkol sa Ulat sa Tahanan Ukol sa MSA

Noong Marso 2005 ang iyong anak ay kumuha ng Pagtasa ng Paaralan ng Maryland (MSA) para sa pagbabasa. Ang iksameng ito ay iniaatas ng pederal na Batas na Walang Batang Maiiwan ("NCLB") at isang pagsukat ng nakamit ng iyong anak sa pagbabasa. Ang iksameng ito ay sumusukat sa pagganap ng iyong anak batay sa Mga Pamantayan sa Nilalaman ng Maryland Ukol sa Pagbabasa. Ang Mga Pamantayan sa Nilalaman ng Maryland ay naglalarawan ng dapat malaman at makayang gawin ng lahat ng estudyante ng Maryland. Ang mga ito ay makukuha mula sa inyong paaralan o online sa **http://mdk12.org.**

Ang Tsart ng Antas ng Puntos sa ibaba ay nagpapakita ng puntos sa pagbabasa na natanggap ng iyong anak, gayon din ang pangkaraniwang puntos sa pagbabasa na natanggap ng mga estudyante sa grado ng iyong anak sa paaralan, sa sistema ng paaralan, at sa buong estado. Ang mga antas ng puntos ay tumutulong sa iyo na maintindihan ang pagganap ng iyong anak kaugnay ng mga itinatag na pamantayan para sa basiko, sanay, at mataas na pagganap. Ang maikling paglalarawan ng pagganap na inaasahan sa bawat antas ay ipinapakita sa ibaba. Ang persentahe ng mga estudyanteng nagkakamit sa grado ng iyong anak sa bawat antas ay ipinapakita sa ibaba, para sa paaralan ng iyong anak, sa sistema ng paaralan, at sa buong estado.

Ang mga puntos sa MSA ay isa lamang pagpapakita ng pagganap ng iyong anak sa pagbabasa. Dapat mong talakayin sa guro ng iyong anak ang pagganap ng iyong anak sa gawain sa klase, araling-bahay, mga proyekto at iba pang mga iksamen at mga maikling pagsusulit. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagganap sa paaralan at sistema ay makukuha online sa **http://mdreportcard.org.**

### Tsart ng Antas ng Puntos sa MSA

| | Antas ng Puntos | Basiko | Sanay | Mataas |
|---|---|---|---|---|
| ANG IYONG ANAK | | | | |
| ANG PAARALAN NG IYONG ANAK | | | | |
| ANG DISTRITO NG PAARALAN NG IYONG ANAK | | | | |
| MARYLAND | | | | |
| | 0 | 385 | 425 | 800 |

### Mga Paglalarawan ng Antas ng Pagganap sa MSA

Mataas:
Ang mga estudyante sa antas na ito ay palagiang nakakabasa ng teksto ng mas mataas sa antas ng grado at nagpapakita ng kakayahang maintindihan ang mga masalimuot na siping pampanitikan at pang-impormasyon.

Sanay:
Ang mga estudyante sa antas na ito ay nakakabasa ng tekstong angkop sa grado at nagpapakita ng kakayahang maintindihan ang mga siping pampanitikan at pang-impormasyon. Ang hangarin ay paganapin ang lahat ng estudyante sa antas na sanay o mataas.

Basiko:
Ang mga estudyante sa antas na ito ay hindi makabasa at makaintindi nang sapat sa mga siping pampanitikan at pang-impormasyon na angkop sa grado.

### MSA sa Paaralan/Sistema/Estado

| Porsiyento ng mga estudyante sa: | Basiko | Sanay | Mataas |
|---|---|---|---|
| ANG PAARALAN NG IYONG ANAK | | | |
| ANG DISTRITO NG PAARALAN NG IYONG ANAK | | | |
| MARYLAND | | | |

**Ang puntos ay hindi makukuha para sa mas kaunti sa 5 estudyante.
Mangyaring makipag-ugnayan sa inyong paaralan para sa impormasyon.

## Puntos sa Stanford 10 Norm-referenced Test (NRT)

Bilang bahagi ng Pagtasa ng Paaralan ng Maryland, ang iyong anak ay kumuha rin ng Stanford 10 norm-referenced (NRT). Ang iksameng ito ay sumusukat ng naiiba, pero kaugnay na mga kaalaman mula sa Mga Pamantayan sa Nilalaman ng Maryland. Ang percentile na impormasyon sa ibaba ay ikinukumpara ang pagganap ng iyong anak sa mga puntos ng isang estudyante na nasa kaparehong grado sa buong bansa. Halimbawa, ang isang estudyanteng nakapuntos sa ika-40 na percentile ay gumanap nang katulad o mas mabuti sa 40 porsiyento ng lahat ng estudyante sa bansa – pero hindi kasingbuti ng 60 porsiyento ng mga estudyanteng ito. Ang mga puntos para sa mga napapailalim na iksamen ng NRT ay kasama.

**Puntos sa NRT**

Kabuuang Puntos sa Pagbabasa

Petsa ng Paglalathala: